Si Ka Jojo at ang Hybrid Rice 2

Doble ang ani sa pagtatanim ng hybrid rice! Iyan po ang napatunayan hindi lamang ng mga eksperto sa PhilRice kundi ng mga magsasaka. Parami nang parami ang mga nagsasaka na kumikita ng ibayo sa paggamit ng hybrid rice. Isang halimbawa ay si Ka Jojo Garcia ng Baranggay Mabini, Santo Domingo, Nueva Ecija. Ayon kay Ka Jojo, dati rati sa tag-araw ay umaani lamang sila ng 120 cavans per hectare. Ngayon ay umaabot na sa 250 cavans bawat ektarya ng kanilang naiuuwi.

Itong si Ka Jojo ay nagtatanim na ng hybrid noon pang 2001. Siya ay dalawang beses umaani nagtatanim sa loob ng isang taon—may panag-araw at may panag-ulan. Kung tag-ulan, ay lamang sila dati ng 80 kaban sa bawat ektarya. Sa ngayon sa paggamit ng hybrid, umaabot ng 150 kaban ang kanilang naaani. Sa tag-araw ay mas marami. Umaabot ang kanyang anis a 250 kaban sa isang ektarya kapag hybrid ang tanim.

At ayon kay Ka Jojo, ang gastos ay halos pareho lamang. At pareho rin ang dami o hirap ng gawain. Naghahanda sila ng lupa, umuupa sa pagtatanim umuupa sila sa pagbubunot ng damo at sa paglalagay ng pataba. At gumagamit sila ng mga teknolohiya na nakuha nila mula sa PhilRice. Ang isang naiiba ay ang dami ng seeds na sa pangkaraniwang pgtatanim ay rink ay Ka nakakagamit ng mula 40 hanggang 80 kilo. Sa hybrid, mas kakaunti, 15-20 kilo lamang. Ayon na Jojo, mas maraming magsuwi ang hybrid. Iyon ang isang dahilan kung bakit marami ang nakukuhang ani. Sa ngayon, marami nang mga uri ng hybrid ang maaring gamitin.

Para sa inyong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan ng pagtatanim ng hybrid na palay, maari po kayong makipag-ugnayan sa PhilRice Text Center sa numerong 0920-911-1398. #

Last Updated (August 2010)

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice